

OBANDO: ALAMAT NG ISANG SAYAW

Isinulat ni G. Romulo A. delos Reyes

Isinalin sa Ingles ni E. de Guzman

<http://www.geocities.com/obando81>

Kalagitnaan ng Mayo, taun-taon. Habang nanggagala ito sa pag-ihip ng trombong kawayan ang mga musikong bumbong ng Obando, ang mga matatandang babae at lalaki na nakasuot ng antigong damit Pilipino ay patuloy na nagsasayaw at nagtutudyuhan sa kalye kasunod ang tatlong karo nina San Pascual, Santa Clara at Nuestra Señora de Salambao. Ang himig ng "Santa Clarang Pinung-pino" ay pumapailanlang sa buong paligid ang mga namamanata na karamihan ay dayuhan mula sa karatig-bayan ng Bulacan, Pampanga at Nueva Ecija at maging sa Maynila ay nag-iindakan at umuusal ng litanya at rosaryo, karamihan ay humihiling ng anak, asawa o suerte sa kabuhayan. Ang iba naman ay nagpuprusisyon bilang isang panata. Tulad ng samahan ng mga kababaihan sa nayon ng San Pascual at Hulo na taun-taon ay sumasayaw kung pista ng Obando sapagkat ang pagsasayaw nila ay isang panatang panghabang-buhay. Si Ka Adang ng San Pascual ay nabigyan ng isang anak na babae nang siya ay nagsayaw kay Sta. Clara. Si Ka Sima ng Paliwas ay nakakaramdam ng kasiglahan ng katawan habang nagsasayaw, kahit walang humpay. May mga mag-asawa na namanata nang siyam na araw bago magpista ang pawisang nakasunod sa karo ng San Pascual at taimtim na nagdarasal at humihiling ng kahit isang supling.

Ito ang hiwaga at mahika ng Obando. Libu-libong tao ang nakikipamista at sumasayaw patungkol kay Sta. Clara upang magkaanak. Ang pagsasayaw ay naging isang panalangin. Ang pangdanggo ay mga galaw ng paa, kamay at balakang upang ang ispirito ng buhay ay pumasok sa sinapupunan.

Tatlong araw ang pintakasi-Mayo 17 para kay San Pascual, Mayo 18 para kay Sta. Clara at Mayo 19 para sa Nuestra Señora de Salambao. Tatlong araw din ang bayluhan (sayawan).

Sa tinagal-tagal ng panahon, ang sayaw sa Obando ay maituturing na isang matatag at matibay na tradisyon. Ito ay kapupulutan din ng sagot sa mga katanungan tungkol sa anyo at galaw ng kultura sa ating bayan bago dumating ang mga mananakop na Kastila.

Subalit, bakit ang Obando ang siyang napatampok sa pagsasayaw upang magkaanak? Saan ang bayang ito? Ano ang kasaysayan nito?

Prologo

Ang Obando ay itinatag noong Mayo 14, 1753 at sinunod sa pangalan ng Gobernador-Heneral ng Pilipinas noong panahong iyon, si Don Jose Francisco de Obando y Solis. Ang kautusan tungkol sa pagkakatatag ng nasabing bayan ay isinakatuparan noong sumunod na taon, 1754.

Ang Obando ay isang nayon lamang ng Meykawayan noong ika-16 na siglo. Ang nayon ay tinawag na Catangalan, mula sa salitang tangal, isang uri ng puno na yumabong sa gawing latian ng nasabing lugar. Ang katas ng balat ng tangal ay ginagawang dampol sa kutod at lambat ng mga mangingisda.

Noong 1588, ang Catangalan ay idineklarang isang encomienda sa pamamahala ng isang katutubo, si Don Felipe Armanlangangui. Mayroong walong daang mamamayan ang nakatira sa Catangalan; ang ikinabubuhay nila ay pangngisda at pagsasaka.

Dumating ang panahon nang si Don Felipe Armanlangangui ay mapiit at mapatapon sa labas ng Pilipinas sa salang pakikipagsabwatan sa mga morong taga-Borneo upang tutulan ang pamahalaang Kastila. Ang kanyang ari-arian ay hinati sa kaban ng haring Espanya at sa panggastos ng *junta nacional*.

Ang kaanyuang topograpiko ng Catangalan noong ika-16 siglo ay nahahati sa dalawang mahalagang bahagi: ang latian (*swampland*) na tinubuan ng mga punong tangal at ape-ape, at ang kagubatan at talahiban na ang sentro ay tinatayuan ng mga bahay ng ilang mamamayan. Sa kasalukuyan, ang kabuuan ng latian ay hinati-hati sa mga palaisdaan at kailugan. Ang parte ng kagubatan at talahiban naman ay nilinang at ginawang bukirin at tinamnan ng palay at ilang samut-saring ani.

Bagama't haka-haka lamang o walang konkretong impormasyong historikal na mapagbabatayan tungkol sa anyo ng kultura ng Obando noong bago dumating ang mga Kastila, ang mga taong Obando (Catangalan), tulad ng mga katutubong Pilipino ay may sinusunod na kaugalian na sumasaklaw sa kanilang buhay, kamatayan, pananampalataya at pamahalaan.

Para sa isang katutubong Pilipino, ang lahat ng antas (*stages*) ng buhay mula sa pagsilang hanggang sa pakikihamok sa digmaan, sa pagsasaka, sa pangngisda at maging sa pag-ibig.

Ang mga Pilipino noong araw ay nagdaraos ng isang Kasilonawan o ritwal na pinamumunuan ng isang katalonan (*high priestess*). Karaniwan ang ritwal ay tumatagal nang siyam na araw; ito ay kinapapalooban ng walang humpay na inuman, kantahan at sayawan. Ito ay ginagawa sa bahay ng datu o puno ng barangay.

Naging mahalaga para sa isang Pilipino ang kasaganaan (*fertility*) ng isang tao. Ang mga babaeng baog ay tinuturing na mababa ang antas at inaalipusta ng lipunan.

Dahil dito, naging mahalaga rin ang pagsasagawa ng ritwal upang ang mga babae ay hindi maging baog. Ang diyos ang tinawag na linga ay naging sentro ng kasilonawan. Ang mga unang Pilipino ay nagdiriwang upang ang kanilang buhay o tadhana ay mapasakamay sa lakas ng kalikasan.

Dumaan ang maraming taon. Ang Catangalan ay namalaging isang nayon bagama't ang Polo ay napahiwalay sa Meykawayan noong 1623.

Ang mga prayleng Pransiskano ay nagtatatag ng isang simbahan sa Polo. Sila ay nagtayo rin ng isang bisita sa Catangalan at dito idinambana si Santa Clara.

Samakatuwid, ang pinakamatandang patron ng Obando ay si Santa Clara.

Santa Clara



Sino naman si Santa Clara? Bakit siya ang naging patron ng pagsasayaw upang magkaanak?

Si Santa Clara ay isang madre sa Assisi, Italya noong ika-13 siglo. Siya ay nagpundar ng kongregasyong "*Pobres Claras*" alinsunod sa pangangaral at panata ni San Francisco de Assisi.

Siya ay tinaguriang patron para sa magandang panahon sapagkat ang kanyang pangalan, sa salitang Kastila, ay nangangahulugan ng pagliwanang ng panahon matapos ang pagulan. Kaya't ang marami sa atin ay may paniniwala pa rin na a ng paglalagay ng itlog sa paanan ni Santa Clara ay isang mabisang panalangin upang magliwanag ang masungit na panahon.

Bakit ang itlog? Sapagkat ang pangalang Clara ay halaw sa salitang *claro* (albumen) o puti ng itlog.

Hanggang sa kasalukuyan, ang bisa ni Santa Clara ay kinikilala pa lalong lalo na sa daigdig ng "*mass media*." Siya any tinagurian ding patron ng telebisyon.

Ang mga prayleng Pransiskano ay hindi nag-atubiling hikayatin ang mga katutubong Pilipino sa bubong ng Kristiyanismo. Ang pagbibinyag sa mga katutubo ay isinagawa. Ang pagtuturo ng katesismo ay sinimulan. Ang pagdiriwang patungkol sa mga anito ay pinalitan ng pagpipintakasi sa mga Kristiyanong santo.

Ang pagsasayaw patungkol sa mga anito upang hindi mabaog ay ginawang pagpapandanggo kay Santa Clara.

Ang ganitong paraan ay nakapagpapabiilis ng pagpapalit-paniwala ng mga Pilipino mula sa kanilang pagsamba sa kalikasan-langit, puno, araw at bituin hanggang sa kanilang tuluyang pagyakap sa mahika ng Kristiyanismo. Ito rin marahil ang naging dahilan kung bakit ang Pilipinas ay naging alipin ng mga dayuhan nang mahigit na apat na raang taon.

Mula noon, si Santa Clara ay naging isang sentro ng *romeria* (*pilgrimage*) para sa mga taong nagnanais magkaanak. Mula noon, ang Catangalan (Obando) ay naging tampulan ng mga romerong (*pilgrims*) dumadayo upang magsayaw at mag-alay ng itlog.

San Pascual Baylon



Nang dumating ang ika-18 siglo, matapos ang pagkakatatag ng Obando, isang kura-paroko ang hinirang at pinamahala upang magtatag ng isang simbahan. Ang mga mamamayan ay inatangan ng buwis nang may dalawang taon at ang nalikom ay ipinagpagawa ng simbahan. Idinagdag sa urna ng altar si San Pascual Baylon.

Kung ating pakakalimiin, si San Pascual Baylon ay isang angkop na panghalili sa paganong anito, bilang diyos o patron ng kasaganaan. Ang apelyido ni San Pascual ay "baylon" na ang ibig sabihin sa salitang Kastila ay "mahilig magsayaw."

Maraming anekdota ang tumutukoy sa milagrong ginawa ni San Pascual Baylon, kabilang na dito ang salaysay ng isang mag-asawang taga-Hagunoy, Bulakan na diumano'y nakatagpo ng isang taong naglalako ng alimango at ang mag-asawa'y inanyayahang makipista sa Obando. At nang silang dalawa ay napadako sa simbahan upang magsimba, buong gulat nilang nakita ang mukha ni San Pascual na kamukhang-kamukha ng taong nagtitinda ng alimango na nakatagpo nila.

Hanggang sa kasalukuyan, si San Pascual Bayloin ang namayani pangunahing patron ng Obando. Kung ibabase sa puntong historikal, si Santa Clara ang maituturing na patron na pinagtutuunan ng pagsasayaw upang magkaanak, subalit si San Pascual, bilang patron ng Obando ang naging tampok sa tatlong araw na pintakasi. At sa tinagal-tagal ng panahon, siya ay itunuring at kinilalang patron sa pagpapaanak.

Nuestra Señora de Salambao

Makalipas ang ilang taon, noong ika-19 ng Hunyo, 1763, isa na naman patron ang nadagdag sa simbahan ng Obando na siyang bumuo sa trianggulo ng mapagpala. Dalawang



mangingisda, sina Juan at Julian de la Cruz- ang di-kaginsay-ginsay nakalambat ng imahen ng isang birhen sa kanilang salambao sa may parteng Huling Doong sa nayon ng Binoangan, Tambobong (Malabon). Ayon sa alamat, nang ang imahen ay dadalhin sa Navotas, ang salambao ay bumigat at hindi makausad. Subalit nang ito ay dadalhin patungong Obando, ang salambao ay madaling naiusad. At mula noon ang imahen ay idinambana sa simbahan at napasama bilang pangatlong patron ng nasabing bayan.

Sa hindi inaasahang pagkakatugma ng pagkakataon, ang pangatlong patron, ang Immaculada Concepcion na tinaguriang Birhen ng Salambao ay nababagay din na maging patron ng mga di-magkaanak. Ang kanilang pinagkakitaan ay dagat na sumasagisag sa pinagmulan ng buhay.

Bukod dito, ang pagkakasama ng Birhen ng Salambao sa trianggulo ng mga patron sa Obando ay nagbadya ng simula ng pagkalat ng pagpaparangal sa Mahal na Birheng Maria sa nasabing bayan. Sa madaling sabi, ang Obando ay napabilang na sa mga bayan sa Pilipinas na nagpapahalaga sa katayuan ng Mahal ng Birheng Maria sa kabuuang ng paniniwalang Kristiyanismo.

Ang Birhen ng Salambao, sa tinagal-tagal, ay naging patron ng mga mangingisdang taga-Obando. Nitong mga nakaraang taon, ang birhen ay isinama sa taunang *PISTA NG KRUS* na idinaraos sa ilog ng San Pascual at Hulo kung buwan ng Hunyo. Sa ganiting paraan, ang Birhen ng Salambao ay nabigyan ng tumpak na pagdiriwang na naaangkop sa kanyang kasaysayan at maging sa kanyang katauhan (*image*).

Bagong Sigla

Nagpatuloy ang pagsasayaw sa Obando hanggang sa huling parte ng panahon ng pamahalaang Amerikano.

Samantala, ang katanyagan ng pagsasayaw sa nasabing bayan ay nakarating sa maraming dako ng Pilipinas na maging ang bayaning si Gat. Jose Rizal ay nagbanggit ng ganitong tradisyon sa kanyang nobelang *Noli Me Tangere*.

Ang mga pangyayaring pulitikal sa Obando ay hindi rin nakaapekto sa taunang pagpapandanggo. Kahima't ang Obando at ang ilang magigiting na mamamayan rito na kasapi ng katipunan ay napasangkot sa paghihimagsik laban sa Kastila noong 1898, ang pagsasayaw ay isinagawa pa rin at ang mga romero ay patuloy na dumayo at makipagpintakasi sa nasabing bayan nang may tatlo hanggang ilang araw.

Nakalulugod isipin ang kagandahan ng tradisyong tuloy na isinasagawa sa Obando noong araw. Ang mga romero na karamihan ay nanggagaling sa iba't-ibang lalawigan na nakasakay sa mga bangka at kaskong may makukulay na palamuti at nakikituloy sa mga bahay at namamalagi roon hanggang sa matapos ang pista. Karaniwan, ang kabayaran ng pagtuloy, kasama na rito ang pagkain ay ang pagbili ng kandilang inilalako ng maybahay.

Wala na marahil maibibigay na isang maganda ang kongkretong halimbawa, maliban sa tradisyong tuloy ng Obando upang ipakita ang kagandahang loob (*hospitality*) ng mga Pilipino.

Nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang simbahan at ang malaking parte ng kabayanan ay nasunog, kabilang na rito ang mga imahen ng tatlong patrong naka-dambana sa altar. Ang mga imahen na nakadambana sa kasalukuyan ay mga replica na nililok sa pamamagitan ng pagkukusa ng ilang pamilya at ilang kapatiran.

Ilang taon matapos ang digmaan, ipinag-utos din umano ng arsobispo ng Maynila at ng nanunungkulang kura-paroko ng Obando na ipagbawal ang pagsasayaw kung pista sa dahilang ang ganitong gawain ay walang ugat na Kristiyano. At sa madaling-sabi, isang ritwal na pagano.

Bagama't ang pag-uutos ay pinagdiinan at pinangatawanan ng klerigong local (*local clergy*), hindi napigil ng ilang romero na magpandanggo kung pista ng Obando. Ang iba naman ay patagong umiindak sa kalye habang nagdaraan ang prusisyon.

Ito ang panahon ng pagkitil sa isang magandang tradisyong umuugat sa kanununan ng bawat isang Pilipino.

Nang dumating ang taong 1972, nagkaroon ng bagong sigla ang bayan upang buhayin muli ang nahintong tradisyon. Sa pamamahala ng bagong kura-paroko, si Reb. P. Rome R. Fernandez at ng komisyong pangkalinangan ng Obando, ang mga mamamayan ng Obando ay nagsimulang magpandanggo; ang karamihan ay nagtatag ng kani-kanilang samahan at nagpagawa ng iba't-ibang uri ng damit Pilipino. Ang Obando ay gumising mula sa matagal na pagkahimlay.

Nagkaroon ng liwanag ang paligid. Nabuhay at nagkakulay ang prusisyon. Sumipot ang musikong bumbong; nagkantahan muli ang mga taong-bayan. Ang tatlong patron ay binihisan at inalayan ng walang hanggang sayawan.

Anyo ng Sayaw sa Obando

Ang sayaw bilang isang ekspresyon ng damdamin ng isang tao ay nababatay sa kapaligiran at takbo ng panahon.

Noong unang panahon, ang sayaw ng mga katutubong Pilipino ay isang paraan upang ang diyos ng kalikasan ay gisingin at pababain sa lupa. Sa himig ng kudyapi, pasyok at tambuli, ang mga katutubo ay pumapadyak-padyak at umiindak-indak habang umaalig-aligid sa anitong sinasamba. Walang tiyak na galaw ang paa at kamay. ang mahalaga ay mailabas ang tinitibok at sinasabi ng damdamin.

Nang dumating ang mga Kastila, ang mga musikang Pilipino ay binahiran ng himig Europeo. Ang mga katutubo ay binihisan ng baro't saya, tinuruang magdansa at magbalse at magsayaw ng pandanggo.

Ang orihinal na bersiyon ng sayaw sa Obando ay sinasaliwan ng awiting, "*Santa Clarang Pinung-pino*." Sa tiyempong balse, ang mananayaw ay umiindak sabay ng kampany ng kamay, sabay ng indayog ng balakang. Ang ikinagaganda ng pagpapandanggo ay naaayon sa dami ng galaw ng balakang; ayon na rin sa mga matatanda, kumporme marami ang indayog ng balakang, lalong nagiging kawili-wili ang pagsasayaw at lalo ring naaalog ang sinapupunan upang pumasok ang ispiritu ng buhay.

Sumunod ang impluwensiyang Amerikano. Unti-unting ipinakilala sa mga Pilipino ang kultura ng radyo at pelikula, ang "*Cola-cola*" at ang mga mahaharot na sayaw tulad ng "*Charleston*", "*Foxtrot*" at iba pa.

Ang mga romerong mananayaw ay hindi lamang nagpapandanggo kundi nagsimulang umindak na rin ng "*Charleston*" sa saliw ng tugtog ng musikong bayan na natutong tumugtog ng mga mahaharot na musika.

Ang Obando ay nagmistulang karnabal, isang bayluhan upang ipamalas ng bawat isa ang kanilang kakayahan sa pagsayaw. Ang mga romero ay nagkanya-kanya ng istilo - may makalumang pagpapandanggo, may makabagong nagpa-"*foxtrot*", nagru-"*rhumba*" at nagta-"*tango*".

Ganito natin mapag-aalam kung papaano ang iba't-ibang impluwensiyang pangkultura mula sa labas ng bansa ay makaapekto sa anyo at takbo ng ating sariling tradisyon.

Sa mismong tradisyong pagsasayaw upang magka-anak, lumalabas, base sa takbo ng panahon, na ang mahalaga ay hindi ang anyo ng pagsasayaw kundi ang intensiyon at ang personal na pakikilahok ng namamanata.

Hanggang sa kasalukuyan, ang ganitong anyo ng pagsasayaw ay namamalas pa sa Obando. Sa pagitan ng pagpapandanggo sa Santa Clara ay may nasingit na pailan-ilang tugtuging martsa, "*chacha*", paminsan-minsa'y "*De Colores*" at tugtuging pang-"*disco*", isang paraan marahil upang hindi panghinawaan ng mga romero ang pangdanggo. At di tulad noong araw na ang bayluhan ay ginaganap sa buong patyo ng simbahan ang sayaw sa Obando sa kasalukuyan ay isinasagawa sa loob ng prusisyon at pagtatapos sa paanan ng altar ng simbahan. Dahil dito, masasabi tuloy na ang nasabing tradisyon ay unti-unting nawawalan ng tunay na masiglang anyo (*spontaneous form*) at unti-unting napapalitan ng matitimping galaw (*restrained movements*) na hinihubog ng mga kautusan ng simbahan at lipunan.

Epilogo

Ano ang kahihinatnan ng Sayaw sa Obando sa darating na panahon?

Bagama't ang sayaw sa Obando ay isang matandang tradisyon, hindi maikakaila na marahil sa darating na panahon, ang nasabing kaugalian ay magkaroon ng kakaibang anyo o dili kaya't tuluyang maglaho. Huwag naman ipahintulot ng Diyos!

Unang-una, ang bayan ng Obando ay malapit sa Maynila at ang impluwensiya ng urbanisasyon mula sa siyudad ay malakas makaapekto sa mentalidad ng mamamayan ng nasabing bayan.

Ang puwersa ng radyo at telebisyon ay malakas makaimpluwensiya sa panlasa at hilig ng ibang propesyonal sa Obando na may modernong istilo ng pamumuhay at karaniwan ay abalang nanunungkulan sa iba't-ibang tanggapan sa Maynila. Para sa mga taong tulad nila, ang sayaw sa Obando ay isang magandang kaugalian na nababagay lamang sa nakaraan at walang katuturan sa makabagong pamumuhay. Sa madaling-salita, ang mga taong ito ay nagkaroon ng maling pananaw tungkol sa kulturang kinagisnan nila.

Ikalawa, ang bagong henerasyon ng kabataan sa Obando ay iminulat sa pantasya ng modernisasyon. Naging mahalag para sa kanila ang mangarap tungkol sa kultura na kinabukasan imbis na naunawaan ang kaugalian ng nakaraan para mainagkop sa kasalukuyan. Malakas ang impluwensiya ng kulturang amerikano. Mas mahalaga sa kanila ang "*disco*" at "*rock concert*" kaysa pagpapandanggo kung Mayo.

Ikatlo, ang mga paaralan sa Obando at maging sa Maynila ay nagkukulang ng pagtuturo sa mga kabataan tungkol sa wastong pag-unawa sa mga kaugalian at tradisyon sa ating bayan. Binibigyan ng diin sa pangkasalukuyang sistemang pang-edukasyon ang mga paksa at aralin na naaayon sa industriyalisasyon ng ating basnsa. Hindi masama subalit ang pangyayari ay nawawalan ng nararapat na panahon upang pag-aralan ang samut-saring aspeto ng ating kultura lalong-lalo na yaong mga kaugalian na sumasalamin sa ating pagkatao bilang Pilipino.

Hindi marahil ninanais ng bawat isang mamamayang taga-Obando na maglaho ang isang tradisyong sumasagisag sa kanilang minamahal na bayan. Ang pagpapaunlad ng magandang tradisyong ito ay nasasalalay sa bawat isa sa pagtutulong-tulong ng lahat ng sektor ng sambayanang Obando - ang simbahan, ang pamahalaan at ang mga mamamayan.